**JOSH GREEN, M.D.**
GOBERNADOR

**KEITH T. HAYASHI**
SUPERINTENDENTE

**ESTADO NG HAWAIʻI**
**KAGAWARAN NG EDUKASYON**
**KA ʻOIHANA HOʻONAʻAUAO**
P.O. BOX 2360
HONOLULU, HAWAIʻI 96804

TANGGAPAN NG SUPERINTENDENTE

Hunyo 19, 2026

Mahal na (Mga) Magulang/Legal na (Mga) Tagapangalaga:

Ang Kagawaran ng Edukasyon ng Estado ng Hawaiʻi ay nakatuon sa pagbibigay sa lahat ng mga estudyante ng isang ligtas at inklusibong kapaligiran sa pag-aaral. Upang mapanatiling ligtas ang mga estudyante, sinusunod ng mga paaralan ang mga pamamaraan ng disiplina na nakabalangkas sa Kabanata 19 ng mga Panuntunang Administratibo ng Hawai'i upang matugunan ang pambu-bully at cyberbullying na nangyayari sa loob ng paaralan, habang may mga aktibidad sa paaralan, transportasyon patungong paaralan, sa pamamagitan ng hindi awtorisadong paggamit ng teknolohiya sa paaralan, o sa labas ng kampus kapag ang pag-uugali ay nakakaapekto sa kapaligiran ng paaralan. Itinuturo rin ng mga paaralan sa mga esudyante ang mga kasanayang nagpapatibay ng kabaitan, responsibilidad, at paggalang.

Upang suportahan ang ating ibinahaging responsibilidad na itigil ang pambu-bully, binibigyan namin ang mga pamilya ng mga kapaki-pakinabang na mapagkukunan. Kalakip ang *Bullying Prevention Family Brochure*, na nagbibigay ng madaling gamiting gabay sa pagkilala, pagpigil, at pagtugon sa pambu-bully. Ang brosyur ay makukuha sa 15 wika sa webpage ng Hawaiʻi Public Schools Anti-Bullying *(https://bit.ly/HIDOE-AntiBullying)*, at maaaring humingi ng mga nakalimbag na kopya mula sa opisina ng paaralan.

Kung ang inyong anak ay nakakaranas o nakasaksi ng pambu-bully, mangyaring makipag-ugnayan sa tagapangasiwa ng paaralan. Maaari ka ring magsumite ng isang hindi nagpapakilalang report sa pamamagitan ng Speak Now na mobile app laban sa pambu-bully.
Mahalaga ang papel ng mga pamilya, at pinahahalagahan namin ang iyong pakikipagtulungan sa pagpapalaganap ng aloha sa buong komunidad ng ating paaralan.

Para sa mga katanungan tungkol sa mga mapagkukunang ito, mangyaring makipag-ugnayan sa Seksyon ng Suporta sa Estudyante sa (808) 305-9810 o mag-email sa bullyingprevention@k12.hi.us.

Lubos na gumagalang,

Keith T. Hayashi
Superintendente

KTH:jl
Kalakip